# Pambungad

*Welcome sa ikalawang isyu ng Diliman Gender Review!*

Ang mga napili at matagumpay na dumaan sa *double-blind review* ng ikalawang isyu ng DGR ay mauunawaan sa punto de bista ng pangkasaysayang krisis at pakikibaka sa krisis na dinadaanan ng mga kasarian. Sa isyung ito, ipinopook natin sa kasaysayan at panitikan ang suliranin ng prostitusyon, hindi lang bilang problema ng kasarian kung hindi, lalo na ng krisis ng buong lipunan, ng ugnayan ng mga tao, at mga mapang-aping ideyolohiyang bumabalangkas sa ugnayan ng mga tao. Matatagpuan din sa isyung ito kung paano bumalikwas ang kababaihan para lumaban at magpakilos ng kapwa kababaihan para ipagtanggol ang mga sarili at ang bayan. Gayundin, inihahatid din ng Isyu ang paggigiit at pakikisangkot ng mga bakla sa pamamagitan ng pagsusuri ng kanilang mga talambuhay at mga likhang pampanitikan.

Ang unang akda ay nakapook sa panahong tuwirang saklot ng Amerika ang Pilipinas, ang panahong tinatawag natin sa kasaysayan na maagang panahong kolonyal ng mga Amerikano. Panahon ito na hindi pa tahasang nadudurog ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mga Pilipino laban sa bagong mananakop na dumating sa Pilipinas. Subalit panahon din ito ng pagtatatag ng kolonyal na ekonomiya at pag-usbong ng mga bagong pagawaan. Panahon ito ng pagsasaling-kamay ng mga lupain mula sa *hacienda* ng mga prayle, patungo sa kamay ng mga dayuhang korporasyon, at mga bagong Pilipinong panginoong-maylupa. Panahon ito ng pagtatayo ng pampublikong sistema ng edukasyon, ng importasyon ng maramihang Amerikanong gurong tinatawag na Thomasite, ng pagpapagamit sa Ingles bilang midyum ng pagtuturo at komunikasyon. Panahon ito na sikil ang ating kalayaang awitin ang pambansang awit ng Pilipinas, ang iladlad ang sariling watawat, ang umusal ng salitang *kalayaan* kung ayaw makasuhan ng sedisyon, at maaresto sa salang *pagbabandido*, ang bansag sa ng mga rebolusyonaryo noon. Panahon din ito ng *cabaret*, ng mga bahay-prostitusyon at *night club*, para sa mga babaeng nasadlak sa pangangalakal ng katawan sanhi ng matinding krisis sa kabuhayan.

Ito ang panahon ng paglabas ng nobelang *Busabos ng Palad* (1909) ni Faustino Aguilar. Sa akdang **Gahasa, Salapi, Sakripisyo ng Putang Mapanganib: Diyalektika ng Kasarian at Kapangyarihang Piyudal-Burgis sa *Busabos ng Palad* ni Faustino**

**Aguilar** ni E. San Juan, Jr., Ph.D., hinimay niya mula sa lente ng politikang sekswal nina Karl Marx at Friedrich Engels, at teorya ng relihiyon ni George Bataille, ang akda ni Aguilar. Hamon ni San Juan, "makatuklas kaya tayo ng isang lihim na kahulugang kontra sa kumbensyonal na interpretasyon sa nobelang namayagpag sa panahong saklot tayo ng kolonyalismong Amerikano? Isa lamang ba itong simpleng lahad ng pag-iibigan at romantikong ilusyon ng mga bida ng nobelang sina Rita at Celso? O isa itong pagbulatlat sa isang buong sakit ng lipunan? Sina Celso at Rita ba ay busabos ng palad? O busabos ng ugnayang panlipunan at ideyolohiyang umuugit sa pakikisalamuha ng bawat tao?"

Matalas ang pagbasa ni San Juan sa nobela. Pinuna niya rito "ang kapalaran nina Rita at Celso bilang alegorya ng kapangyarihan ng salapi, at ng kapitalismong dumuduhagi sa lahat." Inilalarawan ang pamamasukan ng mga babae sa mga pagawaan, samantalang ang iba'y namasukan bilang mga katulong sa bahay, kundi man nanatiling nasa bahay lamang. "Ang mga babaeng hindi makaahon sa krisis ay nasasadlak sa prostitusyon, kung hindi man nagiging kerida. Si Rita ay napagsamantalahan, ipinambayad-utang, at nasadlak sa pagpuputa. Tinubos ni Celso ang iniibig, isinakripisyo ang sariling tagumpay, ang mana sa ama, ang reputasyon at pribelehiyo ng isang lalaki. Nilabanan niya ang patriyarka, tinanggihan ang moralidad ng simbahan at mga naghahari sa lipunan na siyang umaapi sa kababaihan. Subalit mabibigo rin ang pag-iibigan dahil humantong sa kamatayan si Rita, at pagkabaliw si Celso. Nangibabaw pa rin ang kapangyarihang patriyarkal."

Para kay San Juan, hindi ito karaniwang nobelang romantiko. Binulatlat niya ang akda at ipinakita ang sakit ng lipunan, "ang lahat ng elemento para sa tagumpay ng pagkabusabos ng mga tao – mula sa karahupan ng kabuhayan, hanggang sa mga tabu ng lipunan, pagkalakal ng katawan ng mga babae, panggagahasa ng sariling kaanak, pagpaparusa ng magulang at publiko, ng simbahan, ng moralidad na naghihiwalay sa 'di-banal at sagrado, at ang krisis ng lipunang indibidwalistiko sa kolonyang lungsod. Ipinakita ni San Juan na ang nobela ay hindi lamang isang melodramatikong dula na nangyayari sa babae at lalaki. Hindi ito isang karaniwang paksa lamang. Kritika din ito ng lipunang kolonyal at pyudal."

Kung tutuusin, may sariling kasaysayan ang prostitusyon sa Pilipinas. Mula sa tinatawag na *paloma*, *prostituta, vagamunda,* kalapating mababa ang lipad at *dama de noche* noong ika-19 na dantaon, magbabago na ang anyo at mga katawagan dito tulad ng *sex tour*

(dekada 80) at ng humaliling penomenong *japayuki (international performing artist* na ngayon) at mga *hosto* (lalaking katumbas ng *japayuki*); *a-go-go dancer, escort service,* GRO, akyat-barko (para sa nasa lingkuran ng mga *seaman*), akyat-trak at pagpapalo (para sa *urban poor*), prostitwisyon (para sa estudyante), palit-*load*, palit-bigas at palit-saging (sa mga *resettlement area*) at mga *street walker* o *hawker*, na ang transaksiyon ay isinasagawa sa kalsada; Sa kasalukuyan, umabot na ang prostitusyon sa larangang *digital*, o ang *cyber prostitution*, na tila nakasabay din sa kalakarang *borderless world*.

Ang mga unang *brothel houses* ay matatagpuan sa *hot springs* sa Los Baños noong ika-19 na dantaon, at nag-ebolb sa tinatawag na mga *casa roja*. Pagdaka, magiging popular ang mga *cabaret* at *nightclub*, at magsusulputang parang kabute ang mga *club* at sa paligid ng *military bases* sa Clark at Subic, sa mga *bar, karaoke bar, gay bar, massage parlors* at sa kalsada tulad ng kahabaan ng Quezon Avenue. Naging kilala rin ang mga kalye ng Mabini at Del Pilar sa Ermita bilang *red district* sa Maynila, gayundin ang Pasay kung saan naroon ang *chain* ng mga *motel*; at ilang lugar sa siyudad ng Olongapo, Angeles at Legazpi, gayundin ang Pagsanjan, Laguna, na minsa'y natukoy na pook ng *pedophiliang* dayuhan. Ngayon, sumusulpot na rin ang prostitusyon kung saan may mga *military exercise*, gaya ng napaulat kamakailan lang sa Saranggani Island.

Tinatayang umaabot na sa 800,000 (Senate Bill 2341, 3382, 2621) ang bilang ng nasadlak sa prostitusyon, at tinatayang 75,000 dito ay mga kabataan.[1] Kung kaya, noong *State of the Nation Address 2019* ng Pangulong Duterte, nakanti na naman nito ang sensibilidad ng kababaihan nang kanyang sabihing naghihintay sa mga dayuhang turista ang mga babaeng nagbibilad-ng-katawan-sa-araw sa Boracay (*sunbathing women await foreigners in Boracay*). Ang seksistang biro ay nagpapatibay ng dati nang pinupunang kiling sa paraan ng promosyon ng turismo sa bansa na tinatawag na 3S: *sand, sex and sun*. Ang *sun* para sa *tropical* na klima; ang *sand* para sa kapana-panabik na tabing-dagat o dalampasigan, at *sex* para sa magagandang dilag. Malaon nang pinupuna ang paraang ito bilang paraan ng objektifikasyon at komodipikasyon ng kababaihan.

[1] Ipinanukala ni Sen. Pia S. Cayetano ang Senate Bill No. 2341: "Anti-Prostitution Act of 2010." Senate of the Philippines. Aug 3, 2010; Muling inihain noong January 14, 2013 sa pamamagitan ng Senate Bill No. 3382: "Anti-Prostitution Act", at noong February 2, 2015, sa pamamagitan ng Senate Bill No. 2621: "Anti-Prostitution Act of 2015."

Samantala, matagal na tuwirang saklot tayo ng kapangyarihang Amerikano. At sa buong panahong iyan, matagumpay nilang naisagawa ang imperyalistang pandarambong sa pamamagitan ng malaya at 'di-pantay na kalakalan, tuwirang pamumuhunan, at pagdating ng dekada 60, ng pagpapautang ng IMF-World Bank. Ito naman ang pook ng ikalawang artikulo, ang panahon ng pag-oorganisa ng mga kabataan at estudyanteng kababaihan na lumahok sa mga anti-imperyalistang rali at demonstrasyon mula kalagitnaan ng dekada 60 hanggang mailuwal ang tanging kilusang pangkababaihan sa yugtong ito, ang MAKIBAKA.

Sa artikulong **Ang Kasaysayan ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA), 1970-2016** ni Pauline Mari Hernando, Ph.D., isinasalaysay niya ang kauna-unahang kilusan ng kababaihan sa Pilipinas, ang Malayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA, 1971; hanggang mapalitan ang Malaya ng Makabayan, kung kaya Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan na ang kahulugan nito mula 1972). Isinilang ito sa konteksto ng aktibismong kabataan sa tinaguriang Sigwa ng Unang Kwarto (1970). Habang paglaban para sa mga isyu ng bayan ang diin ng pakikibaka ng iba't ibang sektor ng lipunan noon, iginuhit naman ng MAKIBAKA ang sariling katangian bilang kilusan ng kababaihan na gustong magpalakas sa sarili, mag-organisa at makisangkot sa paglaban ng mamamayan laban sa imperyalista at pyudal na pagsasamantala at pang-aapi.

Binakas sa artikulong ito ang pagsisimula ng organisasyon, ang paglaki, at ang mga naging suliranin at hamon sa Kilusan. Inilahad dito kung paano ito nagpunyaging manatili at maging aktibo hanggang sa kasalukuyan. Inihatid sa akda ang taga-umpisang pagkilos ng Kilusan tulad ng pagpipiket laban sa *beauty contest*, pagbubuo ng Mother Corps, pagtatayo ng mga *day care center*, hanggang sa pag-oorganisa ng mga balangay, ang paglalabas nila ng mga maagang sulatin tulad ng *Malayang Pilipina*, hanggang sa paglahok nila sa mga pambansang protesta laban sa mga isyung nagpapahirap sa bayan. "Malinaw ang oryentasyon ng kilusan noon na pag-oorganisa at pagpapakilos sa sangkababaihan para lumahok sa pakikibaka ng bayan para sa pambansang kalayaan at demokrasya habang isinusulong ang kapakanan, kagalingan at karapatan ng kababaihan." Hinabi ni Hernando ang kasaysayan ng kilusan gamit ang mga primaryang batis ng kilusan, mga natatanging panayam sa mga taga-umpisang kasapi, at mga kapanahong dokumento, upisyal na ulat, at batis pang-midya.

Malaki na ang natamo ng mga pakikibakang pangkababaihan sa ating lipunan. Mula dekada 80, namumulaklak na ang iba't ibang kilusang pangkababaihan sa Pilipinas. Kung dati'y mas nakatuon ang atensyon ng pakikibaka ng kababaihan sa mga isyung pambayan, bumandila na sa mga panahong ito ang mga pakikibakang sektoral, kasama na ang pangkababaihan. Pumailanglang na ang paglaban sa mga partikular na isyu ng kababaihan tulad ng karahasan laban sa kababaihan at kabataan (*violence against women and children* o VAWC), diskriminasyon, at kawalan ng pantay na karapatan sa lipunan. Dinidiskurso na ang *double standard, multiple burden, stereotyping*, pagkapiit sa mga gawaing domestiko, ang mga konsepto ng paghahating pangkasarian, at espasyong pribado at pampubliko; ang kalusugang pangreproduktibo, reyp, aborsyon, diborsyo, *teenage pregnancy*, seksismo, *misogyny*, at *toxic masculinity,* bukod pa sa mga isyung panlipunan tulad ng kahirapan, kawalan ng disenteng sahod at serbisyo-publiko. Maidedeklara rin mula 1985 ang Dekada ng Kababaihan, at magkakaroon ng malaking hamon para muling isulat ang kasaysayan sa *punto de vista* ng mga kababaihan. Mamumulaklak ang pananaliksik pangkababaihan, panitikan at sining mula noon. Mula Dekada 80, mag-oorganisa at lalong lalakas ang paglaban ng mga kababaihan sa pamamagitan ng iba't ibang anyo ng organisasyon tulad ng KABAPA, AMRSP, NOWRP, CWP, WOMEN, PILIPINA, KALAYAAN, SAMAKANA, GABRIELA, KMK, AMIHAN, CAP Women at AKBAYAN Women[2] na kumikilos sa iba't ibang sektor, isyu at moda.

Samantala sa dekada 90, maggigiit ng tinig ang mga bakla at lesbiyana sa lipunan. Sa dekadang ito lilitaw ang mga taga-umpisang organisasyon ng sektor tulad ng UP Babaylan, Pro-Gay, The Library Foundation, Katlo, TLF Share Collective at Lagablab, para sa mga bakla. Para sa mga lesbiyana, kapanahong organisasyon

[2] Ang kahulugan ng mga nabanggit na organisasyon ay ang mga sumusunod: Katipunan ng Bagong Pilipina (KABAPA), 1975; Association of Major Religious Superiors (AMRSP); National Organization of Women Religious of the Philippines (NOWRP); Concerned Women of the Philippines (CWP), 1978; Women in Media Now (WOMEN), 1980; Kilusan ng Kababaihang Pilipina (PILIPINA), 1981; Katipunan ng Kalayaan para sa Kababaihan (KALAYAAN), 1983; Samahan ng Malayang Kababaihang Nagkakaisa; (SAMAKANA), 1983. Napalitan na ito ngayon ng Samahan ng Maralitang Kababaihang Nagkakaisa; General Assembly Binding Women for Reforms, Integrity, Leadership and Action (GABRIELA), 1984; Kilusan ng Manggagawang Kababaihan (KMK), 1984; Alyansa ng Magsasakang Kababaihan (AMIHAN), 1986; Concerned Artists of the Philippines-Women's Desk (CAP Women). Tingnan sa Nancy Kimuell-Gabriel. 2017. "Ang Araling Kababaihan at Kasarian sa Araling Pilipino at Wikang Filipino: Kalagayan at Hinaharap." *Saliksik E-Journal* 6(2): 8-9.

ang The Lesbian Collective, The Group, CLIC, LEAP! at LESBOND.[3] Ito naman ang pook ng ikatlong artikulo sa isyung ito ni John Toledo. Ani Toledo, marami sa tumutuligsa sa literaturang bakla ay nangungutya at hindi etikal.

"Hindi lamang puro katitian ang alam, kundi paglaban at pakikisangkot sa mga gawaing pagbabago sa lipunan ang alalahanin at kaabalahan ng mga bakla sa lipunan." Ito naman ang buod ng papel ni John Leihmar C. Toledo sa artikulong **"Manong, Hindi Lang Kami Puro *Titi*": Ilang Tala sa mga Mananaysay Tungkol sa Karanasang Bakla at Panitikang Filipino at Ingles**. Sa pamamagitan ng panunuri sa mga talambuhay at pampanitikang likha ng mga kilalang taga-umpisang manunulat at mananaliksik sa literaturang bakla, matagumpay na naipakita ni Toledo na hindi puro seks at sekswalidad lamang ang nais at kayang paksain ng mga bakla. Aktibong binabaka sa mga literaturang bakla ang diskriminasyon, machismo at patriyarka.

Binaybay niya sa artikulo ang kapookan nina Jose Garcia Villa, John Silva, J. Neil Garcia, Ronald Baylan, Louie Cano, J. Iremil Teodoro at mga manunulat sa antolohiyang *Ladlad*, hanggang kina Jack Alvarez, Wilfredo Pascual, Jerry Gracio at Michael Tan; at mga naglathala sa *TEAM Magazine*, na masugid na nagsulat ng kanilang karanasan at personal na kasaysayan. Ayon kay Toledo, "sa simula, bakit nga hindi matutuon ang mga salaysay sa mga sarili at identidad?" Nagpapakita lamang ito aniya, "ng pag-alpas sa mga danas at diskriminasyon, pagsikil, pagkutya, pagturing sa kanila bilang abnormal at mga may sakit."

Sa pamamagitan ng paggamit sa talambuhay, naigiit ni Toledo na ang mga ito ay maaaring gawing batis sa pagsusulat ng mga kasaysayang pang-indibidwal at panlipunan. Ani Toledo, ang pagsusulat ng kanilang kasaysayan at mga karanasan ay paraan nila ng pagpapalaya ng mga sarili, at paggigiit para sa espasyo at pantay na karapatan – na kailangang ipaglaban pa, hindi tulad ng mga tinaguriang "normal" at "*straight*" sa lipunang macho at patriyarkal. Itinatala nang buhay sa mga *memoir* ang mga tinig na pinipi, o sadyang iniiwan sa silid. Ang pasalitang kasaysayan,

[3] Ang akronim ng mga 'di nabanggit sa teksto ay ang sumusunod: Progressive Organization of Gays (PROGAY) Philippines; TLF Sexuality, Health and Rights Educators Collective Inc. (TLF SHARE Collective); Lesbian and Gay Legislative Advocacy Network (LAGABLAB). Cannot Live in a Closet (CLIC); ang LEAP! (Lesbian Advocates Philippines), at ang LESBOND (Lesbians in Baguio for Nationalism and Democracy). Ibid., 37-39.

ani Toledo ay nagbibigay-patotoo sa *gay discrimination, hetero-normativity* sa kultura, hanggang sa katunayan ng paglahok nila sa lipunan at aktibong pakikisangkot sa mga kilusang nagsusulong ng pagbabago sa lipunan.

Malaki na ang natamo ng pakikibakang LGBTQ++[4] sa kasalukuyan subalit totoong nananatili pa rin ang malalaking hamon. Malakas na nilalabanan ngayon ang diskriminasyon, at lahat ng karahasan at krimeng tinatamo ng sektor dulot ng hindi pagkilala sa *Sexual Orientation, Gender Identity and Expression (SOGIE)* ng bawat indibiduwal, *homophobia, hate crime* at reaksyong *panic-button* na tumutuloy sa karahasan. Gayunman, higit na ring maunlad ang gawaing pag-oorganisa na makikita rin sa mga bagong organisasyon tulad ng Bahaghari, Kapederasyon, Society of Transwomen of the Philippines (STRAP), Gender and Development Advocates Filipinas (GANDA FILIPINAS), Galang Philippines at marami pang iba.

Sa ikalawang bahagi, matutunghayan ang ulat nina Teresa Paula S. De Luna, Ph.D. at Ma. Rizza Mae G. Narvaez ng Office of Anti-Sexual Harassment (OASH) na nagbibigay ng kabuuang tanaw sa atin ng pag-unlad sa pagharap ng gawain sa larangang ito. Ipinapakita rito ng OASH ang katangian ng mga kaso ng sekswal na panliligalig at iba pang karahasang-batay-sa-kasarian na naiuulat sa kanilang opisina; ang lugar at sitwasyong madalas pangyarihan ng mga kaso; ang dami, saklaw at pati na rin ang mga suliranin at hamong kinakaharap ng Opisina at ng mga taong sangkot sa gawaing ito. Iniuulat ito ng OASH sa layuning magkaroon tayo ng higit na malawak na pang-unawa sa kahulugan ng sekswal na panggigipit at mga karahasang sekswal na nararanasan ng ating nasasakupan at harinawang magsilbi itong hadlang sa katulad na problema. Gayundin, layon din nitong linangin ang ibayong pagtutulungan kung paano tayo makakaiwas sa karahasan at matamo ang mas magalang-sa-kasarian at malaya-sa-karahasang unibersidad.

**Nancy Kimuell-Gabriel, Ph.D.**
Punong Patnugot

[4] LGBTQ ay Lesbian, Gay, Bisexual, Transgender, Queer